

3. Subukan din ang LCC, MOET, RCMAS, o STK bilang gabay sa pag-aabono.

Alamin ang tamang dami, uri, at tyempo ng pagpapataba sa pamamagitan ng mga decision tools na maaaring i-download sa cellphone.

Leaf Color Chart/Computing (LCC) App

Inihahambing ang dahon sa mga kulay sa LCC ruler upang malaman kung kailangan nang maglagay ng nitroheno sa palay. Sa LCC App, natutuos ang kailangang nitroheno gamit ang mga litrato ng dahon ng palay

PAANO GAMITIN ANG LCC APP

1. Gamit ang android phone, mag-download ng LCC App sa PlayStore sa halagang P90.
2. Punan ang Farm Profile at i-save.
3. Gamit ang front camera, ilapat sa ibabaw ng camera ang pinakamataas at nakabukang dahon. Siguraduhing 12 dahon sa magkakalayong puno ng palay ang lilitratuhan. Iwasang maliliman ang cellphone habang kumukuha ng larawan upang hindi dumilim ang kuha.
4. I-tap ang "Select Farm" ng LCC app at piliin ang iyong bukid sa listahan.
5. I-click ang "Scan Leaf". I-tap ang bawat kahon at ilagay ang litrato ng dahon. Kompletuhin ang 12 kahon.
6. I-click ang "Compute Recommendation" upang matuos ang kailangang pataba.
7. I-click ang "Save Image" para masinop ang kopya ng rekomendasyon sa gallery.

Minus-One-Element Technique (MOET) Kit at MOET App

Natutukoy ang kulang na sustansiya gamit ang eksperimento sa lupang nasa paso na ginamitan ng iba't ibang pormulasyon ng pataba. Ang mga pasong nilagyan ng pormulasyon ay tinataniman ng palay upang malaman kung sapat o kulang ang sustansiya na nasa lupa. MOET App na naka-install sa smart phone naman ang magtutuos ng uri, dami, at panahon ng paglalagay ng pataba.

Rice Crop Manager Advisory Service (RCMAS)

Sa pagsagot sa mga katanungan sa pagpapalayan gamit ang cellphone o computer, ito ay nakapagrerekomenda ng tamang dami, uri, at tyempo ng paglalagay ng pataba. Pumunta sa inyong agriculture office at humingi ng RCM recommendation Pwede rin sa internet, bisitahin ang rcm.da.gov.ph

Soil Test Kit (STK)

Mabilis na paraan sa pagtukoy ng soil health at pagtugon sa kaukulang sustansiyang kinakailangan ng lupa ayon sa pananim.

Ang babasahing ito ay inilathala para sa Rice Competitiveness Enhancement Fund (RCEF). Bilang proteksyon ng mga magsasaka sa pinaluwag na pagpasok ng imported na bigas, ang RCEF ay naglalaan ng pondo para sa pagdebelop, pagparami, at pagsulong ng certified inbred seeds; makinaryang pangsakahan; pagpapautang na may mababang interes; at pagsasanay ng mga magsasaka.



DEPARTMENT OF AGRICULTURE IV-CALABARZON
LIPA AGRICULTURAL RESEARCH AND EXPERIMENT
STATION (LARES) BRGY. MARAOUY, LIPA CITY,
BATANGAS

REGIONAL AGRICULTURE AND
FISHERIES INFORMATION SECTION
2022



DA-BUREAU OF SOILS AND WATER MANAGEMENT
SRDC Bldg., Elliptical Road Corner Visayas Avenue, Diliman, Quezon City
Email: customers_center@bswm.da.gov.ph
tel: (02) 8 332 9534; 273 24 74

DA-AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE
ATI Bldg., Elliptical Road, Diliman, Quezon City
tel: 1800-10-9822474; Mobile: 0920-946-2474 (text only)

DA-PHILIPPINES RICE RESEARCH INSTITUTE
Maligaya, Science City of Muñoz, 3119 Nueva Ecija
tel: (44) 456-0277; Direct line/telefax: (44) 456-0354



TIPID KA SA ABONONG SWAK!

Maaring makatipid ng
P2,000-P4,000 bawat ektarya

Ang pataba o abono ang nagpupuno sa kakulangan ng sustansiya sa lupa, tubig, at hangin upang matustusan ang pangangailangan ng tanim na palay. Nakatutulong sa magandang pagbulas at pantay-pantay na pagbuo ng mga uhay ang sapat na sustansiya kung kailan ito lubos na kailangan ng palay. Dahil dito, maaaring masagad ang pinakamataas na kayang anihin ng barayti.

1. Gumamit ng organiko at inorganikong pataba. Huwag inorganikong pataba lang.

Pakinabang ng organikong pataba

- Nagbibigay ng suplementong sustansiya sa halaman.
- Pinagaganda ang pisikal, biyolohikal, at kemikal na katangian ng lupa.
- Pinalalakas ang kakayahan ng lupa na humawak ng tubig; pinalulusog ang ugat ng halaman upang masipsip nang mabuti ang mga sustansiyang taglay ng lupa.
- Pinararami ang mga maliliit na organismo sa lupa na tumutulong mapanumbalik ang katabaan nito.
- Madaling bunutin ang punlang palay, hindi pa mapipinsala.

Ang dayami, *composted* o pinatuyo sa hangin na dumi ng manok, at *compost* ay organikong pataba. Ang hindi pa na-kompost na dayami o tira-tirang halaman ay kailangang ikalat sa palayan 21-30 araw bago maglipat-tanim. Ang *compost* o naprosesong organikong pataba ay maaaring ihalo sa lupa habang nililinang ito, o 7 araw bago maglipat o magsabog ng binhi.

Pakinabang ng inorganikong pataba

- Dagliang ibinibigay ang pagkaing kailangan ng palay.

2. Piliin ang "COMBO" na swak sa inyo.

Mamili ng tamang kombinasyon ng organiko at inorganikong pataba depende sa target na dami ng ani at badyet.



Tiyempo	Combo 1 ani: 3,000-4,000kg/ha	Combo 2 ani: 5,000-6,000kg/ha	Combo 3 ani: 7,000-8,000kg/ha
30 araw bago maglipat-tanim	3,000-4,000kg dayami: Ikalat sa palayan o pabulukin	5,000-6,000kg dayami: Ikalat sa palayan o pabulukin	7,000-8,000kg dayami: Ikalat sa palayan o pabulukin
14 araw bago maglipat-tanim	Ikalat sa palayan ang 10 sako ng dumi ng manok na pinatuyo sa hangin, komersyal na organikong pataba o vermicompost		
Punlaan 7-10 DAS	-	Ihalo sa punlaan: 1-2 kilo zinc sulfata	
Punlaan 10-14 DAS	2-4 kilo 14-14-14	2-4 kilo 14-14-14	2-4 kilo 14-14-14

PARA SA BARAYTING 100 PARA SA BARAYTING 100 110 ARAW ANG PAGGULANG

Unang pagpapataba habang lumalaki: (0-14DAT o 10-14DAS)	1 sako 14-14-14	2 sako 14-14-14 o 16-20-0	4 sako 14-14-14
Ika-2 pagpapataba: Pagsusuwi (18-22DAT o 24-28DAS)	-	1 sako urea	2 sako urea
Ika-3 pagpapataba: Paglililihi (28-32DAT o 38-42DAS)	1 sako urea at 0.5 bag 0-0-60	1 sako urea at 0.5 bag 0-0-60	2 sako urea at 1 bag 0-0-60

PARA SA BARAYTING 111-120 ARAW ANG PAGGULANG

Unang pagpapataba habang lumalaki (0-14 DAT o 10-14 DAS)	1 sako 14-14-14	2 sako 14-14-14 o 16-20-0	4 sako 14-14-14
Ika-2 pagpapataba: Pagsusuwi (22-26 DAT o 32-36 DAS)	-	1 sako urea	2 sako urea
Ika-3 pagpapataba: Paglililihi (32-36 DAT o 48-53DAS)	1 sako urea at 0.5 bag 0-0-60	1 sako urea at 0.5 bag 0-0-60	2 sako urea at 1 bag 0-0-60

PARA SA BARAYTING 121-130 ARAW ANG PAGGULANG

Unang pagpapataba habang lumalaki (0-14 DAT o 10-14 DAS)	1 sako 14-14-14	2 sako 14-14-14 o 16-20-0	4 sako 14-14-14
Ika-2 pagpapataba: Pagsusuwi (26-31 DAT o 36-40 DAS)	-	1 sako urea	2 sako urea
Ika-3 pagpapataba: Paglililihi (36-40 DAT o 58-62 DAS)	1 sako urea at 0.5 bag 0-0-60	1 sako urea at 0.5 bag 0-0-60	2 sako urea at 1 bag 0-0-60

DAS- Days after sowing o araw pagkasabog-tanim o pagkapunla | DAT- Days after transplanting o araw pagkalipat-tanim
*Rekomendasyon kung walang analysis ng kulang na sustansiya sa lupa

YUGTO NG PAGLAKI NG PALAY

